# AWESOME GOD

FILIPINO

EVERY NATION

EVERY NATION

© 2020 ng Every Nation Churches & Ministries.
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng Every Nation.

Ang sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay mula sa Ang Salita ng Diyos (ASND) Copyright 2010, 2014 ng Biblica Inc.

EveryNation.org/Fasting #ENfast2021

# NILALAMAN


Paghahanda sa Pag-aayuno ........ 3

Ang Aking Plano ........ 7

Panimula: Ang Diyos ay Dakila at Mabuti ........ 16

Unang Araw: Ang Diyos ay Higit na Nangingibabaw sa Lahat ........ 20

Ikalawang Araw: Ang Diyos ay Hindi Nagbabago ........ 24

Ikatlong Araw: Ang Diyos ay Makapangyarihan ........ 28

Ikaapat na Araw: Ang Diyos ay Makatarungan ........ 32

Ikalimang Araw: Ang Diyos ay Matiyaga ........ 36

Paghinto sa Pag-aayuno: Ang Diyos ay Mahabagin ........ 40

# PAGHAHANDA SA PAG-AAYUNO

## BAKIT KAILANGANG MAG-AYUNO?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na gawain na ginagamit ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at magdala ng tagumpay sa buhay ng mga tao. Sinisimulan ng mga iglesya at *campus ministries* ng Every Nation ang bawat taon ng limang araw na pananalangin at pag-aayuno upang magpakumbaba sa harapan ng Diyos, ilaan ang mga sarili sa Kanya sa kasalukuyang taon, at sama-samang sumang-ayon sa tagumpay na ibibigay Niya.

### Si Jesus ay nag-ayuno.

> *1 Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo. 2 Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya.* **MATEO 4:1–2**
>
> *Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya.* **LUCAS 4:14**

Alam ni Jesus na kailangan Niya ng espirituwal na kalakasan upang matupad ang Kanyang layunin. Inihahanda tayo ng pag-aayuno para gawin ang mga ipapagawa ng Diyos sa atin.

### Ang pag-aayuno ay isang pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili sa Diyos.

> *Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian.* **EZRA 8:21**

Sa pagpapakumbaba natin sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, natatanggap natin ang biyaya ng Diyos at nagkakaroon tayo ng daan palapit sa Kanyang puso.

## Ang pag-aayuno ay tumutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.

> *Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila."* **MGA GAWA 13:2**

Kung ipagkakaila natin sa ating sarili ang mga likas nating hinahangad at mga makamundong libangan, tayo ay nagiging sensitibo sa tinig ng Diyos. Magagawa nating ituon sa Diyos ang ating pansin at magpasakop sa kagustuhan Niya.

## Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong-buhay.

> *"… at kung ang mga mamamayan ko na aking tinawag ay magpakumbaba, manalangin, dumulog sa akin, at tumalikod sa ginagawa nilang kasamaan, diringgin ko sila mula sa langit at patatawarin ang kanilang kasalanan, at pagpapalain ko ulit ang kanilang lupain."* **2 CRONICA 7:14**

Makikita sa kasaysayan na bilang tugon sa panalangin at pag-aayuno, ang Diyos ay nagbigay sa mga bansa ng pagbangon at paglaya mula sa pagkawasak. Tumutulong ang pag-aayuno upang magtagumpay tayo sa pamamagitan ng pananalangin.

## Ang pag-aayuno ay mabuti para sa ating kalusugan.

Dahil sa pag-aayuno, nalilinis ang sistema ng pagtunaw ng pagkain sa ating katawan. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ilang *allergy* at sakit. Ang pag-aayuno ay tumutulong sa pagtanggal ng mga hindi magagandang adiksiyon.

# PAGPAPLANO SA PAG-AAYUNO

> *Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng Panginoon ang mga kamangha-manghang bagay."* **JOSUE 3:5**

**Manalangin**—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa mga pahina 9–11, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**—Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong plano sa pahina 7. Hingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang planong ito.

**Magsagawa**—Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago ang simula ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin at papirmahin siya sa pahina 9.

***PAALALA:*** Kumunsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, planuhin kung ano ang pinakamabuting pag-aayuno para sa iyo.

## HABANG NAG-AAYUNO

> *Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'"* **MATEO 4:4**

**Magtuon ng pansin**—Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**—Makibahagi kahit isang beses lamang sa mga sama-samang pananalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, paaralan, at mga misyon sa buong linggo.

**Magpalakas**—Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensiya, at pagiging mainisin.

## PAGHINTO SA PAG-AAYUNO

> 14 *At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil*
> *naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin*
> *na ayon sa kanyang kalooban.* 15 *At kung alam nating nakikinig sa*
> *atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin*
> *sa kanya.* **1 JUAN 5:14–15**

**Kumain**—Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon para muling matanggap ang dating dami at uri ng iyong pagkain. Simulan sa prutas, mga inumin, salad, at saka kumain ng gulay. Kumain ng maliliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

**Manalangin**—Huwag huminto sa pananalangin! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na ibinigay ng Diyos. Isapamuhay sa buong taon ang bago mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo.

# ANG AKING PLANO

## Day 1

**MGA PAGPIPILIAN:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

________________________________

## Day 2

**MGA PAGPIPILIAN:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

________________________________

## Day 3

**MGA PAGPIPILIAN:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

________________________________

## Day 4

**MGA PAGPIPILIAN:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

________________________________

## Day 5

**MGA PAGPIPILIAN:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

________________________________

# NAGPAPASALAMAT AKO SA DIYOS PARA SA …

## MGA NASAGOT NA PANALANGIN

Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo noong 2020.

# NGAYONG 2021, NANINIWALA AKO SA DIYOS PARA SA . . .

## Nais Kong Makamtan para sa Aking Sarili

Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay

## Aking Pamilya

Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan

## Aking Pag-aaral/Trabaho

Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon

## Aking Paglilingkod

Paglago ng Victory Group • Kaligtasan ng mga Kaibigan, Kasama sa Trabaho, at Kamag-aral

> *"Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit."* **MATEO 18:19**

Kasama Ko sa Pananalangin: ________________________________

# NANGANGAKO AKONG MANANALANGIN PARA KINA . . .

| PANGALAN | (MGA) IPINAPANALANGIN |
|---|---|

# NANGANGAKO AKONG MANANALANGIN PARA SA . . .

## Aking Iglesya

Pamunuan ng Iglesya • Pagkakaloob • Pagdidisipulo

## Aking Komunidad

Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan • Mga Pagkakataon upang Makapaglingkod sa Hindi Miyembro ng Iglesya


## Aking Bansa

Mga Opisyal ng Pamahalaan • Pagbabagong Espirituwal • Pag-unlad ng Ekonomiya • Kapayapaan at Kaayusan

# ANG EVERY NATION AY KASALUKUYANG MAY IGLESYA O ITINATATAG NA IGLESYA SA 80 MGA BANSA.

**PATULOY NA MANALANGIN PARA SA NATITIRANG 115 MGA BAYAN AT MANIWALA NA MAGBUBUKAS ANG DIYOS NG MGA PAGKAKATAON UPANG MAKAPAGTATAG NG MARAMI PANG MGA IGLESYA.**


- Afghanistan
- Albania
- Algeria
- Andorra
- Angola
- Antigua and Barbuda
- Azerbaijan
- Argentina
- Bahamas
- Barbados
- Belarus
- Belize
- Benin
- Bosnia and Herzegovina
- Bulgaria
- Burkina Faso
- Cabo Verde
- Cameroon
- Central African Republic
- Chad
- Comoros
- Congo
- Costa Rica
- Côte d'Ivoire
- Croatia
- Cuba
- Cyprus
- Czech Republic
- Democratic Republic of the Congo
- Denmark
- Djibouti



May iglesya ng Every Nation

Wala pang iglesya ng Every Nation

Dominica
Ecuador
Egypt
El Salvador
Equatorial Guinea
Eritrea
Estonia
Ethiopia
Finland
Gambia
Greece
Grenada
Guatemala
Guinea
Guinea-Bissau
Guyana
Haiti
Hungary
Iceland
Iraq
Israel
Italy
Jamaica
Kenya
Kiribati
Latvia
Lebanon
Lesotho
Libya
Liechtenstein
Lithuania
Luxembourg
Macedonia
Madagascar
Mali
Malta
Marshall Islands
Mauritania
Micronesia
Moldova
Monaco
Montenegro
Morocco
Nauru
Nicaragua
Niger
North Korea
Norway
Palau
Palestine
Paraguay
Russia
Rwanda
Saint Kitts and Nevis
Saint Lucia
Saint Vincent and the Grenadines
Samoa
San Marino
Sao Tome and Principe
Senegal
Serbia
Seychelles
Sierra Leone
Slovakia
Slovenia
Solomon Islands
Somalia
South Sudan
Sudan
Suriname
Sweden
Switzerland
Syria
Tanzania
Tonga
Trinidad and Tobago
Tunisia
Turkmenistan
Tuvalu
Uruguay
Uzbekistan
Vanuatu
Vatican City
Yemen



# 95 NA IGLESYA NA AKTIBONG NAITATAG

## IPANALANGIN NA MAS MARAMI PANG MAITATATAG NA IGLESYA.

> *"Hilingin mo sa akin ang mga bansa sa buong mundo, at ibibigay ko ito sa iyo bilang mana mo."* **SALMO 2:8**

Ipanalangin ang bagong tatag na mga iglesya habang tinutulungan nila ang mga tao na sumunod kay Jesus, tugunan ang pangangailangan ng kanilang komunidad, at ibahagi ang mabuting balita ng ebanghelyo sa kanilang mga lungsod.

***Armenia***
***Australia***
***Azerbaijan***
***Botswana***
***Brazil***
***Brunei***
***Canada***
***China***
***France***
***Georgia***
***Honduras***
***India***
***Indonesia***
***Iran***
***Japan***
***Kazakhstan***
***Laos***
***Malawi***
***Maldives***
***Mauritius***
***Mexico***
***Mongolia***
***Mozambique***
***Netherlands***
***New Zealand***
***Panama***
***Philippines***
***Portugal***
***Romania***
***Scotland***
***Singapore***
***South Africa***
***Taiwan***
***Tajikistan***
***Thailand***
***Timor-Leste***
***Uganda***
***United Arab Emirates***
***United States***
***Uzbekistan***
***Vietnam***
***Zambia***

# CAMPUS MINISTRY

> *"Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani."* **MATEO 9:38**

**MANALANGIN:**

- Na maibahagi ang ebanghelyo sa mga bagong mag-aaral sa taong ito
- Para sa karunungan para sa mga campus missionary at mga iglesya habang nagbabahagi sila ng ebanghelyo at nagdidisipulo ng mga mag-aaral sa mga unibersidad
- Para sa tulong mula sa mga guro sa unibersidad upang makabuo ng ugnayan sa mga mag-aaral
- Para sa kapayapaan sa mga mag-aaral na naapektuhan ng COVID-19
- Para sa probisyon para sa mga mag-aaral na naapektuhan ng COVID-19
- Para sa karunungan para sa mga campus missionary habang bumubuo sila ng mga bagong pamamaraan upang makapagministeryo sa mga mag-aaral



***Ang 9:38 na Hamon:*** Mag-*alarm* ng 9:38 ng umaga (o gabi kung ito ang nais mo). Sa tuwing tumutunog ang *alarm*, manalangin na ipadala ng Diyos ang *campus missionaries* at *church planters* upang buong tapang na maibahagi ang ebanghelyo sa lahat ng bahagi ng mundo.

PANIMULA

# ANG DIYOS AY DAKILA AT MABUTI

## ISAIAS 57:15

> *Ito pa ang sinasabi ng Kataas-taasang Diyos, ang Banal na Diyos na nabubuhay magpakailanman: "Nakatira ako sa mataas at banal na lugar, pero nakatira rin akong kasama ng mga taong mapagpakumbaba at nagsisisi, para sila'y palakasin ko."*

**Basahin Din:** Jeremias 10:6; Pahayag 4:11; Salmo 106:1; Salmo 119:68 (Opsyunal: Lucas 18:19)

Sa *The Chronicles of Narnia*, isang klasikong kuwentong pambata, ang mga mambabasa ay madalas na pinaalalahanan na si Aslan ay hindi isang maamong leon. Nang sabihan si Susan, ang pinakamatandang babaeng Pevensie, na si Aslan ay isang leon, sinabi niya na, "Ang akala ko'y isa siyang tao at ligtas tayo sa kanya. Hindi ba siya mapanganib?" Ang palakaibigang si Mr. Beaver ay sumagot, "Ligtas? ...sino ba ang may sinabi tungkol sa pagiging hindi mapanganib? Siyempre mapanganib siya. Pero mabait siya. Sinasabi ko sa iyo, Siya ang Hari."

Tulad ni Susan na may maling opinyon tungkol kay Aslan, may mga mali rin tayong pagkakaunawa tungkol sa Diyos. Marami sa mga ito ang nagmumula sa hindi pagkilala sa kadakilaan o kabutihan ng Diyos. Sa tuwing ipinapahayag natin ang kadakilaan ng Diyos, tinutukoy natin ang mga katangian na mayroon ang

Diyos lamang, tulad ng Kanyang kawalang-hanggan at pagiging pinakamakapangyarihan sa lahat.

Sa tuwing ipinapahayag natin ang kabutihan ng Diyos, tinutukoy natin ang mga katangian na maaari rin nating makita sa mga tao, tulad ng awa at kabaitan. Kung itutuon mo lamang ang iyong pansin sa kadakilaan ng Diyos, maaaring mahirapan kang paniwalaan na mahal ka Niya, lalo na sa gitna ng mga mahihirap na sitwasyon. Subalit kung itutuon mo naman ang iyong pansin sa kabutihan lamang ng Diyos, maaaring maisip mo na Siya ay isang "maamong leon" na walang sapat na kapangyarihan.

Sa Isaias 57, sinaway ng propeta ang mga Israelita dahil hindi sila naging matapat. Sa halip na sambahin ang nag-iisang tunay na Diyos, naniwala sila sa mga walang kapangyarihang diyos-diyosan ng mga bayan na nakapalibot sa kanila. Hindi naalala ng mga tao ang kanilang dakila at mabuting Diyos, dahil kung naalala nila, hindi nila magagawang sumamba sa iba pa.

Si Isaias ay nagkaroon ng isang malalim na pananaw tungkol sa kadakilaan ng Diyos na kadalasan ay tinatawag niyang Nag-iisang Banal ng Israel. Ipinaalala niya sa mga tao na ang Diyos ang Pinakamakapangyarihan na nananahan sa banal na lugar at sa kawalang-hanggan. Subalit hindi dito huminto si Isaias. Ipinaalala niya sa mga tao na ang Panginoon ang siyang kasama ng mga taong nawawalan ng pag-asa. Hindi lamang Siya dakilang Diyos, kahanga-hanga at banal, kundi Siya rin ay mabuti, na nagbibigay-buhay sa mga lumalapit sa Kanya nang may pagpapakumbaba at pagsisisi. Tiyak na ang ganitong Diyos ay karapat-dapat na tumanggap ng ating ganap na pagsamba.

Subalit kadalasan, tayo ay katulad ng mga Israelita. Nakakalimutan natin kung gaano kahanga-hanga ang ating dakila at mabuting Diyos. Pinahihintulutan natin ang ibang tao, bagay, kaisipan, layunin, pangarap—at kung anu-ano pa—upang nakawin ang pagsamba na Siya lamang ang karapat-dapat na tumanggap. Ngayong linggo, titingnan natin ang iba't ibang katangian ng Diyos na hinati natin sa dalawang pangkat o kategorya: ang Kanyang kadakilaan at Kanyang kabutihan. Sa pagsasaalang-alang ng Kanyang kadakilaan, matututunan natin na Siya ay higit na nangingibabaw sa lahat,

hindi nagbabago, at makapangyarihan. Sa pagsasaalang-alang ng Kanyang kabutihan, matututunan natin na Siya ay makatarungan, matiyaga, at mahabagin. Habang pinag-iisipan natin ang kadakilaan at kabutihan ng Diyos ngayong linggo, nawa'y ipakita sa atin ng Banal na Espiritu ang ating mga maling kaisipan at mga diyos-diyosan, upang maibaling natin ang ating pagsamba sa nag-iisang karapat-dapat na tumanggap nito.

## DAHIL ANG DIYOS AY DAKILA AT MABUTI, KARAPAT-DAPAT SIYANG TUMANGGAP NG ATING PAGSAMBA.

### Pag-isipan

Anong aspeto ng katangian ng Diyos ang mas mahirap para sa iyo na paniwalaan—ang Kanyang kadakilaan o ang Kanyang kabutihan? Sa palagay mo, ano ang dahilan nito?

Itala ang lahat ng dahilan kung bakit naniniwala ka na ang Diyos ay karapat-dapat na tumanggap ng iyong pagsamba.



# MANALANGIN

> *Ito pa ang sinasabi ng Kataas-taasang Diyos, ang Banal na Diyos na nabubuhay magpakailanman: "Nakatira ako sa mataas at banal na lugar, pero nakatira rin akong kasama ng mga taong mapagpakumbaba at nagsisisi, para sila'y palakasin ko."*

## ISAIAS 57:15

O Diyos sa kalangitan, wala Kang katulad. Ikaw ay dakila, malakas, at makapangyarihan, ngunit Ikaw din ay mabuti, mahabagin, at makatarungan. Walang isang katangian na nakahihigit sa iba. Karapat-dapat Kang tumanggap ng aking pagsamba, hindi lamang dahil sa ginawa Mo para sa akin, kundi dahil sa kung sino Ka. Ikaw ang Diyos na kahanga-hanga. Panginoon, ipinapanalangin ko na ngayong linggo, ako ay maturuan ng Iyong Banal na Espiritu upang higit na maunawaan ang Iyong kadakilaan at kabutihan. Buksan mo po ang aking mga mata upang makita ko ang Iyong mga ginagawa sa aking buhay at sa mundong nakapaligid sa akin. Sa pangalan ni Jesus, ito ang aking dalangin, amen.

UNANG ARAW

# ANG DIYOS ANG HIGIT NA NANGINGIBABAW SA LAHAT

## EXODUS 15:11

> *"O Panginoon, sino po ba ang Diyos na katulad n'yo? Wala kayong katulad sa kabanalan at kapangyarihan. Kayo lang po ang Diyos na gumagawa ng mga kamangha-manghang bagay!"*

**Basahin Din:** Deuteronomio 3:24; 2 Samuel 7:22; Mga Taga-Efeso 4:4–6; Mga Hebreo 1:3

Ang Table Mountain sa Cape Town, South Africa, ay isa sa mga pinakakilalang bundok sa buong mundo. Kahit na maganda ang Table Mountain kung titingnan mula sa ibaba, ang tanawin mula sa itaas nito ay maka-pigil hininga—ang Lion's Head, Camp's Bay, at Twelve Apostles. Ang tumayo sa tuktok ng bundok upang makita ang mga nasa ibaba at ang mundo sa paligid nito ay hindi maitutulad sa kung anuman. Sa kabila nito, darating pa rin ang oras na kailangang iwan ang tuktok ng bundok upang maglakbay pababa tungo sa katotohanan.

Mabuti na lamang at hindi ito ang katotohanan ng ating kahanga-hangang Diyos. Bilang ating Manlilikha, ang Diyos ay nangingibabaw sa lahat. Nangangahulugan ito na Siya ay naiiba sa anumang bagay na nilikha at hindi nasasakop ng mga batas ng kalikasan. Nananahan Siya sa mataas at banal na lugar, at walang sinuman o anuman sa mundo na katulad Niya. Siya ang nasusunod at may kapangyarihan

sa lahat ng nilikha, at sa Kanya, ang mga bagay na imposible ay nagiging posible.

Sa Exodus 15, si Moises at ang mga mamamayan ng Israel ay nagbigay ng awit ng papuri sa Panginoon matapos ang mahimalang paghati sa Dagat na Pula na nagpalaya sa kanila mula sa mga kamay ng Faraon. Matapos makita ang nangingibabaw na kapangyarihan ng Diyos, sila ay umawit, “O Panginoon, sino po ba ang Diyos na katulad n’yo? Wala kayong katulad sa kabanalan at kapangyarihan. Kayo lang po ang Diyos na gumagawa ng mga kamangha-manghang bagay!” Sa pagkatalo ng mga taga-Ehipto, ipinakita rin Niya na Siya ang mas makapangyarihan kaysa sa mga diyos-diyosan ng Ehipto. Walang anumang balakid o oposisyon ang mas hihigit pa sa ating kahanga-hangang Diyos!

Sa pagsisimula natin ngayong linggo ng pananalangin at pag-aayuno, haharapin mo ang mga balakid at oposisyon mo sa pananampalataya. Maaaring ipinapanalangin mo ang kaligtasan ng isang mahal sa buhay, kagalingan para sa iyo o sa isang mahal mo sa buhay, o kaya ay kaunlarang pinansyal. Maaaring ikaw ay humaharap sa mga paghihirap, tukso, at pagsubok sa iyong pananampalataya. Ikaw ay kumakapit sa Diyos at humihingi ng isang himala. Manalig ka. Dahil ang Diyos ay nakahihigit sa Kanyang mga nilikha, magagawa Niyang paghiwalayin ang dagat, magpaulan ng manna mula sa langit, at magpaagos ng tubig mula sa bato. Sa pamamagitan Niya, magagawa nating umasa na ang mga himala ay maaaring maganap, at sa katunayan ay nagaganap na nga.

## DAHIL ANG DIYOS ANG KATAAS-TAASAN SA LAHAT, POSIBLE ANG MGA HIMALA.

## Mga Natutunan

## Pag-isipan

Ikaw ba ay kasalukuyang humaharap sa mga balakid at oposisyon sa iyong pananampalataya? Anu-ano ang mga ito?

Madali ba o mahirap para sa iyo ang maniwala na kaya ng Diyos na gumawa ng mga himala sa iyong buhay? Paano mapalalakas ang iyong pananampalataya ng kaisipan na Siya ay higit na nangingibabaw sa lahat?



# MANALANGIN

> *"O Panginoon, sino po ba ang Diyos na katulad n'yo? Wala kayong katulad sa kabanalan at kapangyarihan.Kayo lang po ang Diyos na gumagawa ng mga kamangha-manghang bagay!*

## EXODUS 15:11

Ama sa langit, Ikaw ay dakila sa kalangitan, ngunit Ikaw rin ay malapit sa Iyong mga anak. Nananalig ako sa katotohanan na Ikaw ay higit na nangingibabaw sa lahat at makapangyarihan. Sa pamamagitan Mo, maaaring mangyari ang anumang bagay. Nakita ng mga Israelita ang Iyong kapangyarihan nang hatiin Mo ang Dagat na Pula, at hinihiling ko na Ikaw ay kumilos sa gitna ng mga kinakaharap kong paghihirap sa kasalukuyan. Ikaw lamang ang kahanga-hanga sa lahat ng Iyong mga dakilang nilikha, at nagpapasalamat ako na naririnig Mo ang aking mga panalangin. Sa pangalan ni Jesus, amen.

# ANG DIYOS AY HINDI NAGBABAGO

## MGA HEBREO 6:17

> *Ganito rin ang ginawa ng Diyos noon sa mga taong pinangakuan niya. Ipinakita niya sa kanila sa pamamagitan ng panunumpa na tutuparin niya ang pangako niya.*

**Basahin Din:** Mga Bilang 23:19; Salmo 102:25–27; Mga Hebreo 13:8; Santiago 1:17 (Opsyonal: Malakias 3:6)

Ang "duct tape" ay nalikha noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig bilang isang pandikit na hindi nababasa at gawa sa goma. Simula noon, ang duct tape ay nakilala dahil sa tibay nito. Ito ay isang napakatibay na materyal kung kaya't ito ngayon ay kadalasang ginagamit ng mga mahilig mag-DIY upang makagawa ng iba't ibang mga bagay, mula sa mga pormal na damit hanggang sa mga bangka. Sa pelikulang *The Martian* na lumabas noong 2015, gumamit ang tauhan na ginampanan ni Matt Damon ng duct tape upang magkumpuni ng mga gamit sa Mars! Nagkaroon ng reputasyon ang duct tape dahil maaasahang hindi ito magbabago. Pinangakuan tayo ng mga gumawa nito na ang duct tape ay *waterproof* at matibay, at ito nga ang kanilang ginawa—sa lahat ng pagkakataon.

Ngayon, titingnan natin ang isa sa mga katangian ng Diyos na maaasahan nating hindi magbabago. Ito ay tumutukoy sa katotohanan na ang katangian at walang hanggang layunin Niya ay hindi mag-iiba kailanman. Mananatili Siyang pareho sa nakaraan,

sa kasalukuyan, at sa habang panahon. Siya ay maaasahan at hindi magbabago kailanman.

Ang katotohanang ito ay nagbibigay ng kapayapaan lalo na sa mundo na puno ng pagbabago at kawalan ng katiyakan. Dahil hindi nagbabago ang Diyos, maaari tayong magtiwala at umasa nang ganap sa Kanya.

Sinabi ng sumulat ng liham sa mga Hebreo na kapag ninais ng Diyos na ipaalam na ang Kanyang layunin ay hindi nagbabago, ibinibigay Niya ang katiyakan sa pamamagitan ng isang pangako. Sinabi pa niya na dahil sa hindi nagbabagong katangian ng Diyos, hindi Niya kailanman magagawang magsinungaling. Hindi lamang natin Siya mapagkakatiwalaan nang ganap, subalit magagawa din nating magtiwala sa Kanyang salita. Kapag sinabi ito ng Diyos, ito ay Kanyang gagawin. Kapag ipinangako Niya, Kanya itong tutuparin.

Bagama't malinaw sa Bibliya na ang katangian at layunin ng Diyos ay hindi nagbabago, nakikita rin natin na ang Diyos ay tumutugon sa ating mga ginagawa, gaya ng pananalangin at pananampalataya. Subalit hindi ito nangangahulugan na sa atin nakasalalay ang mga bagay na para bang kailangan nating manalangin nang tama at ipunin ang ating sariling lakas upang magawa nating manalig sa Kanya. Sa halip, ang malakas na pananampalataya ay posible lamang dahil hindi nagbabago ang Diyos at maaasahan natin ang Kanyang salita. Manalangin nang buo ang loob ngayong linggo, dala ang kaalaman na ang tugon ng Diyos ay naaayon sa Kanyang hindi nagbabagong katangian at walang hanggang layunin.


**DAHIL ANG DIYOS AY HINDI NAGBABAGO, ANG PANANAMPALATAYA NATIN AY MAY MATATAG NA PUNDASYON.**

## Mga Natutunan

## Pag-isipan

Paano nakatutulong ang hindi nagbabagong katangian at salita ng Diyos upang magkaroon ka ng malakas na pananampalataya?

Ang Diyos ay tutugon sa iyo ayon sa Kanyang hindi nagbabagong katangian at walang hanggang layunin. Paano maaapektuhan ng katotohanang ito ang paraan mo ng pananalangin?



# MANALANGIN

> ***Ganito rin ang ginawa ng Diyos noon sa mga taong pinangakuan niya. Ipinakita niya sa kanila sa pamamagitan ng panunumpa na tutuparin niya ang pangako niya.***

## MGA HEBREO 6:17

Panginoon, sa Iyong piling, kami ay ligtas sa lahat ng henerasyon. Hindi Ka nagsisinungaling o kaya ay nagkukulang sa pagtupad ng Iyong mga pangako. Jesus, hindi Ka nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman. Dahil sa Ikaw ay hindi nagbabago, ibinibigay ko sa Iyo ang aking mga alalahanin at ako ay naniniwala na ang aking buhay ay nasa Iyong plano na walang anumang kamalian. Nagsisisi ako sa lahat ng panahon na ako ay nag-alinlangan at hinihiling ko na palakasin Mo ang aking pananampalataya upang lalo pa akong magtiwala sa Iyo. O Diyos, salamat sa Iyong hindi nagbabagong katapatan! Sa pangalan ni Jesus, amen.

# ANG DIYOS AY MAKAPANGYARIHAN

## JOB 42:2

> *"Alam ko pong magagawa n'yo ang lahat ng bagay, at walang sinumang makapipigil sa inyo."*

**Basahin Din:** Genesis 50:19–20; Daniel 4:34–35; Mga Taga-Roma 8:28

Kung ikaw ay isang magulang, malamang ay nasabihan mo na ang iyong anak na umiwas sa kalan o sa apoy. Kung ang iyong anak ay mausisa, malamang ay itinanong niya kung bakit. Sinubukan mong ipaliwanag, subalit hindi niya maintindihan ang iyong mga paliwanag. Sa huli, sinabi mo na lamang na "Basta! Dahil sinabi ko."

Sinundan sa aklat ni Job ang kuwento ng isang matuwid na lalaki na nagtangkang unawain ang mga matindi at tila walang saysay niyang mga pagdurusa. Sa wakas, sa ika-38 kabanata, nagpakita ang Diyos at nangusap kay Job. Subalit wala Siyang sinabi na maaaring magbigay ng ginhawa o kaya ay kasagutan sa mga katanungan ni Job na gaya ng inaasahan natin. Nang sabihin ng Diyos na, "Nasaan ka noong nilikha ko ang pundasyon ng daigdig?" alam ni Job na ang kanyang natanggap ay katumbas ng "Basta! Dahil sinabi ko," ng isang magulang.

Nagpakumbaba si Job at kinilala niya ang kapangyarihan ng Diyos. Ipinahayag niya na kaya ng Diyos na gawin ang lahat ng bagay at walang makapipigil sa pagtupad Niya ng Kanyang mga layunin.

Naintindihan niya na ang Panginoon ang makapangyarihang Hari ng lahat ng nilikha. Sinabi niya sa Job 42:2–3: "Alam ko pong magagawa n'yo ang lahat ng bagay, at walang sinumang makapipigil sa inyo. Ako po'y tinanong n'yo kung bakit ako nag-aalinlangan sa inyong karunungan, gayong wala naman akong nalalaman. Totoo pong nagsalita ako ng mga bagay na hindi ko naiintindihan at mga bagay na hindi ko lubos na maunawaan." Sa kapangyarihan ng Diyos, ang mga pagsubok na hinarap ni Job ay naglalayong salain ang kanyang pananampalataya at makapagtatag ng katiyagaan sa kanyang pag-uugali. Ang Diyos ay nanatiling maawain, mahabagin, at namamahala sa lahat ng nangyayari sa kabuuan ng paghihirap ni Job. Matapos ang patuloy na paghingi ng ginhawa at kasagutan sa loob ng apatnapu't dalawang kabanata, nahanap ni Job ang tunay na pinagmumulan ng ginhawa—hindi ang pagkakaroon ng kasagutan sa kanyang mga katanungan, kundi ang pagsisisi sa kanyang pag-aalinlangan at ang pananalig sa Panginoon.

Ang pagtitiwala sa kapangyarihan ng Diyos ay mas madaling sabihin kaysa gawin, lalo na kung tayo ay nakararanas ng mga pagsubok at pasakit. Paano natin magagawang magtiwala na ang plano ng Diyos ay para sa ating kabutihan sa gitna ng mahihirap na sitwasyon? Magagawa nating umasa kay Jesus, ang walang sala na nagdusa, na pinahirapan at namatay upang tayong lahat ay mailigtas. Sa gitna ng labis-labis na pasakit at kalungkutan, kahit pa tila walang saysay ang mga ginagawa ng Diyos, maaari tayong tumingin sa krus at magkaroon ng kaginhawahan dahil itinakda ng ating makapangyarihang Diyos na ipadala ang Kanyang anak upang mamatay para sa ating kaligtasan.


## DAHIL SA ANG DIYOS AY MAKAPANGYARIHAN, MAY GINHAWA SA ORAS NG KAGULUHAN.

## Mga Natutunan

## Pag-isipan

Anong pagsubok ang kasalukuyan mong kinakaharap? Paano makatutulong ang pagtitiwala sa Diyos upang magkaroon ka ng kaginhawahan?

Paano nakapagbibigay ang krus ng katiyakan na ang laging ninanais ng Diyos para sa iyo ay ang iyong kabutihan?



# MANALANGIN

> *"Alam ko pong magagawa n'yo ang lahat ng bagay, at walang sinumang makapipigil sa inyo."*

**JOB 42:2**

Ama, Ikaw ang pinakamakapangyarihan sa lahat ng bagay sa buong kalawakan. Ang Iyong kaharian ay walang hangganan at walang limitasyon. Walang kaaway na makakasira ng Iyong mga plano. Sa Iyong kapangyarihan, ipinadala mo ang Iyong Anak para mamatay sa krus upang magkaroon ako ng kaginhawahan at makilala ko ang Iyong kadakilaan. Aking Diyos, turuan Mo po akong magpakumbaba sa Iyong harapan. Isinasantabi ko ang kagustuhang masunod sa aking buhay at hinihiling ko na bigyan Mo po ako ng Iyong kapayapaan. Sa pangalan ni Jesus, amen.

IKA-APAT NA ARAW

# ANG DIYOS AY MAKATARUNGAN

## DEUTERONOMIO 32:4

> *"Siya ang Bato na kanlungan; matuwid ang lahat ng gawa niya at mapagkakatiwalaan ang lahat ng kanyang mga pamamaraan. Matapat siyang Diyos at hindi nagkakasala; makatarungan siya at maaasahan."*

**Basahin Din:** Genesis 18:25; Mga Taga-Roma 3:26; Pahayag 15:3

Ang *mimic octopus* na unang nakita sa baybayin ng Indonesia noong 1998, ay mahusay sa panggagaya. Ang kakaibang nilalang na pandagat na ito ay nagagawang magbago ng hugis, kulay, at galaw upang magaya ang halos labinlimang iba pang mga nilalang na pandagat. Sa debosyonal ngayong araw na ito, sisimulan nating tingnan ang mga katangian ng Diyos na nagpapakita ng Kanyang kabutihan. Ito ang mga katangian na nais Niyang tularan natin bilang Kanyang mga mamamayan. Ngunit ang kaibahan sa *mimic octopus* na gumagaya lamang sa panlabas na anyo, dapat ay nagsisimula sa puso ang pagtulad natin sa Kanya.

Ang ating kahanga-hangang Diyos ay matuwid, at nangangahulugan ito na pinangangalagaan Niya, at Siya mismo ang batayan ng anumang tama at mabuti. Bilang isang mabuting Diyos, nais Niya na ito rin ang ating maging batayan kung kaya't pinarurusahan Niya ang kasamaan at ginagantimpalaan ang kabutihan. Kapag iniisip mo ang katarungan ng Diyos, maaaring ang iniisip mo lamang ay ang

Kanyang pagpaparusa sa kasamaan, gaya ng pagkasira ng Sodom sa Genesis 19. Subalit makikita din natin na ang pagtatanggol ng Diyos sa mga biyuda at sa mga ulila.

Dahil Siya ay makatarungan, ipinaglalaban Niya ang mga matuwid at ipinagtatanggol ang mga hindi nakatatanggap ng katarungan. Siya ay isang mabuting hukom, pantay-pantay sa lahat ng Kanyang ginagawa, tagapagtanggol ng mga walang kalaban-laban, at tagapagbigay ng gantimpala sa mga matuwid.

Ang pagtitiwala sa hustisya ng Diyos ay mahirap gawin sa mundong puno ng kawalan ng katarungan. Kung makatarungan ang Diyos, bakit umuunlad ang buhay ng mga masasamang tao? Bakit naghihirap ang mga matuwid? Bakit tila nagwawagi ang kawalan ng katarungan? Subalit sa tuwing napupuno ang ating isipan ng mga katanungang ito, maaari tayong tumingin kay Jesus. Siya ay matuwid at walang kapintasan at nagdusa sa kawalan ng katarungan upang tayo ay mapawalang sala at maging matuwid sa paningin ng Diyos.

Sa kasalukuyan, ang hustisya ay kadalasang hindi ganap. Gayunpaman, hindi laging ganito ang sitwasyon. Sa pagbabalik ni Jesus at pagtatatag Niya ng Kanyang kaharian, ang lahat ng kamalian ay maitatama. Hangga't hindi pa ito nangyayari, tayo ay tinawag upang manindigan sa kung anuman ang tama, maging patas sa ating mga ginagawa, at ipagtanggol ang mga dumaranas nang kawalan ng hustisya sa ating mga komunidad.

**DAHIL ANG DIYOS AY MAKATARUNGAN, INAASAHAN NIYA TAYONG MAGING MAKATARUNGAN SA LAHAT NG ATING MGA RELASYON.**

## Mga Natutunan

## Pag-isipan

Bakit kinakailangan para sa isang mabuting Diyos ang maging makatarungan? Paano ka natutulungan ng katangiang ito ng Diyos upang maintindihan ang ginawa ni Jesus sa krus para sa iyo?

Paano nakikita ang pagiging makatarungan sa iyong mga ugnayan sa ibang tao?



# MANALANGIN

> *"Siya ang Bato na kanlungan; matuwid ang lahat ng gawa niya at mapagkakatiwalaan ang lahat ng kanyang mga pamamaraan. Matapat siyang Diyos at hindi nagkakasala; makatarungan siya at maaasahan."*

## DEUTERONOMIO 32:4

Jesus, Ikaw lamang ang Hari na makatarungan at may karunungan. Tumitingin ako sa Iyong pamamaraan upang maunawaan ang Iyong katuwiran at kabutihan. Kahit na kami ay mga taong puno ng pagkakamali na naninirahan sa isang mundong nawasak, magagawa Mong magpatupad ng katarungan sa mga pagkakataong walang katarungan. Tinawag Mo ako upang maging mga kamay at paa Mo, sabihin ang katotohanan, ipagtanggol ang mga hindi kayang ipagtanggol ang kanilang sarili, at manindigan sa kung ano ang tama. Panginoon, imulat Mo po ang aking mga mata upang makita ang mga nangangailangan ng Iyong kagalingan. Gabayan Mo po ako upang ako ang maging tagapagsalita Mo para sa katarungan sa mundong ito. Ito ang panalangin ko sa Iyong pangalan, amen.

# ANG DIYOS AY MATIYAGA

## 2 PEDRO 3:9

> *Hindi nagpapabaya ang Panginoon sa pagtupad sa pangako niya, gaya ng inaakala ng ilan. Ang totoo, binibigyan lang niya ng pagkakataong magsisi ang lahat sa mga kasalanan nila, dahil ayaw niyang mapahamak ang sinuman.*

**Basahin Din:** Exodus 34:5–9; Salmo 86:15; Joel 2:12–13; Mga Taga-Roma 5:8

Kapag naiisip natin ang salitang "pagtitiyaga," kadalasan ay naiisip natin na ang kahulugan nito ay "pasensya." Naiisip natin na ang pagtitiyaga ng Diyos ay katulad ng ating pasensya at na Siya ay naghihintay lamang sa atin. Subalit ang pagiging matiyaga ay higit pa sa pagpapakita ng pasensya. Ito ay nangangahulugan na ang Diyos ay hindi madaling magalit. Ang nasa kabilang dulo ng Kanyang pasensya ay poot.

Sa kabuuan ng Lumang Tipan, paulit-ulit na inalala ng mga mamamayan ng Israel ang katotohanan na ang Diyos ay hindi madaling magalit at nag-uumapaw sa hindi nagbabagong pagmamahal. Kinilala nila kung gaano kalalim ang pagkakabaon ng kasalanan sa puso ng mga tao subalit patuloy na nagtitiis ang Diyos sa Kanyang kabutihan at pagmamahal. Ang mga Israelita ay nagpapabalik-balik sa pagsamba sa Kanya at pagkahulog sa kasalanan. Nakita nila kung gaano katagal bago magalit ang Diyos.

Ang pagiging matiyaga Niya ay may hangganan, subalit nagtitiis Siya nang mas matagal pa sa kaya nating maisip o maunawaan.

Natutunan natin sa 2 Pedro 3 na ang pangakong paghuhukom at pagtubos ng Diyos ay tiyak na darating. Kahit sa katuparan ng pangakong ito, hindi Niya ninanais na magdusa ang sinuman sa ilalim ng kabuuan ng Kanyang poot. Ang Diyos ay makatarungan at mahabagin. Bilang mga mananampalataya, natatanggap natin ang kabutihan ng Diyos na hindi natin karapat-dapat na matanggap. Ito ang siyang umakay sa atin patungo sa kaligtasan at upang maranasan natin ang pagbabagong buhay. Ibinigay Niya sa atin ang pangako na magkakaroon ng bagong langit at bagong lupa.

Tayo na mga mananampalataya ay hindi dapat makalimot na noong tayo ay mga makasalanan pa, namatay si Cristo para sa atin (Mga Taga-Roma 5:8). Ipinakita Niya ang Kanyang pagiging matiyaga para sa ating kapakanan at patuloy Siyang nagtitiyaga para sa mga hindi pa nananampalataya. Samantalang ang iba na hindi pa nakakikilala kay Cristo ay patuloy sa pagkakasala, tayo ay tinawag upang ipalaganap ang ebanghelyo na magdadala ng pag-asa sa kanila. Ang pagsisisi at pagpapatawad ay mga kaloob para sa lahat, subalit isang pribilehiyo ang makapagbahagi ng katotohanan ng pag-asang ibinibigay ng Diyos sa kanila.

Kapag naunawaan na natin ang kahulugan ng pagiging matiyaga ng Diyos, nagbabago ang paraan natin ng pakikipag-ugnayan sa mga hindi Kristiyano. Natututunan natin kung paano magtiyaga sa mga relasyong ito habang patuloy nating ibinabahagi ang ating pananampalataya at pagmamahal.

## DAHIL ANG DIYOS AY MATIYAGA, MAGAGAWA NATING MAGTIYAGA SA PAGBABAHAGI NG EBANGHELYO NG HABAG AT BIYAYA NG DIYOS.

## Mga Natutunan

## Pag-isipan

Anu-ano ang mga bagay sa iyong buhay kung saan ipinakikita ng Diyos ang Kanyang pagiging matiyaga? Paano ka tumugon dito?

Paano mo maipapakita ang pagiging matiyaga? Paano nito maaapektuhan ang iyong mga relasyon?



# MANALANGIN

*Hindi nagpapabaya ang Panginoon sa pagtupad sa pangako niya, gaya ng inaakala ng ilan. Ang totoo, binibigyan lang niya ng pagkakataong magsisi ang lahat sa mga kasalanan nila, dahil ayaw niyang mapahamak ang sinuman.*

2 PEDRO 3:9

Ama, ipinapakita Mo ang Iyong pagiging matiyaga sa Iyong salita at sa aking buhay. Walang sinumang maaaring magpakita ng habag at hindi nagbabagong pagmamahal na katulad ng ipinapakita Mo. Ang Iyong pasensya ay ipinakita Mo sa krus kung saan namatay ang Iyong Anak para sa kasalanan ng lahat, maging sa mga hindi tumanggap sa Kanya. Kahit na ako ay nagkakasala, binibigyan Mo ako ng kakayahan upang magsisi dahil Ikaw ay mabuting Ama. Hinihiling ko na ang Iyong Banal na Espiritu ay pagkalooban ako ng katiyagaan upang magawa kong magpasensya sa iba tulad ng pagpapasensya Mo sa akin. Ito ang dalangin ko sa Iyong pangalan, amen.

# ANG DIYOS AY MAHABAGIN

## MGA TAGA-EFESO 2:7

> *Ginawa niya ito para maipakita niya sa lahat, sa darating na panahon, ang hindi mapapantayang kasaganaan ng biyaya niya at kabutihan na ibinigay niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus.*

**Basahin Din:** Deuteronomio 7:7–8; Lucas 6:35; Tito 3:4–5
(Opsyonal: 1 Corinto 13:4; Mga Taga-Roma 2:4)

Sa *trilogy* na *The Lord of the Rings*, maraming tauhan ang nakilala dahil sila ay hindi makasarili. Subalit walang nakahihigit kay Samwise Gamgee, ang mapagpakumbaba at matapat na Hobbit na sumunod kay Frodo sa kapahamakan at tiyak na kamatayan at tumulong sa kanyang kaibigan na buhatin ang napakabigat na responsibilidad na dala ng nag-iisang singsing at tuparin ang kanyang misyon na wasakin ito. Habang papalapit na sila sa dulo ng kanilang paglalakbay, si Samwise ay hindi na uminom ng tubig upang si Frodo ay magkaroon pa ng sapat na maiinom. Isang gabi, habang si Sam ay nakahiga at hindi makatulog, sinabi niya sa kanyang sarili, *"I'll get there, if I leave everything but my bones behind. And I'll carry Mr. Frodo up myself, if it breaks my back and heart."* (Makararating ako doon, kahit pa iwan ko ang lahat maliban sa aking mga buto. Bubuhatin ko si Mr. Frodo kahit pa mabali ang aking likod at puso). At iyon nga ang ginawa ni Samwise. Binuhat niya si Frodo ng lakas upang lumakad. Si Samwise ay tunay na mabait at hindi makasariling kaibigan.

Ito rin ay totoo sa Diyos at sa Kanyang relasyon sa atin. Ang pagmamahal sa atin ng Diyos ay nagpapakita ng Kanyang kabutihan. Kapag pinag-uusapan natin ang kabutihan ng Diyos, tinutukoy natin ang Kanyang kagandahang-loob na nagmamalasakit sa Kanyang mga minamahal. Ang kamangha-mangha sa Kanyang pagiging mahabagin ay kusang loob Niya itong ibinibigay. Hindi natin ito pinaghihirapan o kaya'y karapat-dapat na matanggap.

Sa katunayan, sinasabi sa Bibliya na ipinapakita ng Diyos ang Kanyang mapagmahal na kabutihan sa mga taong hindi karapat-dapat tumanggap nito. Nagpasya ang Diyos na ipakita ang kanyang mapagmahal na kabutihan sa mga Israelita bagama't sila ay isang maliit na bayan lamang (Deuteronomio 7:7–8). Pagkatapos ay pinamunuan Niya ang mga Israelita kahit na patuloy sila sa pagpapakita ng kawalan ng katapatan sa Kanya (Hosea 11:4). At dahil sa Kanyang mapagmahal na kabutihan, kahit na tayo ay mga makasalanan pa, ipinadala Niya si Jesus upang mamatay sa krus para sa ating mga kasalanan. (Mga Taga-Roma 5:8). Dahil mahal tayo ng Diyos, ibinigay Niya ang Kanyang sarili hindi para sa anumang maaari Niyang makuha, kundi para sa ating pakinabang.

Sa kabila ng ating kasalanan at kawalan ng katapatan, ipinadala Niya ang Kanyang anak upang tayo ay maipanumbalik sa Kanya, upang magkaroon tayo ng ugnayan sa isang dakila at mabuting Diyos. Wala tayong ginawa upang maging karapat-dapat na makatanggap nito, subalit dahil sa Kanyang nag-uumapaw na kabutihan, tayo ngayon ay nakakatanggap ng Kanyang biyaya. At hanggang sa walang hanggan, ang hindi masukat na yaman ng biyaya ng Diyos ay makikita natin nang ganap upang tayo ay mamangha habang nararanasan natin ang Kanyang mapagbigay na kabutihan sa atin.

## DAHIL ANG DIYOS AY MAAWAIN, PANGHABAMBUHAY ANG PAGPAPALANG ATING INAABANGAN.

## Mga Natutunan

## Pag-isipan

Sa Mga Taga-Roma 2:4, sinabi ng Diyos na ". . . ang Diyos ay mabuti sa iyo dahil binibigyan ka niya ng pagkakataong magsisi sa mga kasalanan mo." Ngayong linggo, mayroon bang ipinakita sa iyo ang Diyos tungkol sa iyong buhay na kailangan mong talikuran? Paano nakatutulong ang kabutihan ng Diyos upang magawa mong magsisi at magtiwala sa Kanya?

Ang hindi makasariling kabutihan ba ay makikita sa iyong mga relasyon? Paano makikita ang kabutihan sa iyong mga ugnayan sa iba? Paano nakatutulong sa iyo ang kaalaman tungkol sa kabutihan ng Diyos upang magawa mong ibahagi ang kabutihang ito sa iyong mga relasyon?



# MANALANGIN

***Ginawa niya ito para maipakita niya sa lahat, sa darating na panahon, ang hindi mapapantayang kasaganaan ng biyaya niya at kabutihan na ibinigay niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus.***

## MGA TAGA-EFESO 2:7

Panginoon, ang Iyong mapagmahal na kabutihan ang humihila sa akin palapit sa Iyo, tungo sa pagsisisi, at tungo sa pagpapalang ipinangako. Wala akong nagawa upang maging karapat-dapat na tumanggap ng Iyong kabutihan. Ngunit kay Cristo, ibinibigay Mo ang lahat ng aking espirituwal, pisikal, emosyonal, pinansyal, at iba pang pangangailangan. Ang kabutihan Mo ay nagdadala ng saya sa aking puso sa lahat ng panahon. Maraming salamat sa Iyong walang hanggang biyaya. Sa pagbubukas Mo ng aking mga mata upang makita ang kabutihan Mo sa aking buhay, tulungan Mo po ako na maipakita ang kabutihang ito sa mga tao sa paligid ko. Sa pangalan ni Jesus, amen.